# Aklat ni Mormon

## Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase



**Mga Puna at Mungkahi**

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa gabay sa pag-aaral na ito ay pahahalagahan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa:

Curriculum Planning
50 East North Temple Street, Floor 24
Salt Lake City, UT 84150-3200
USA

E-mail: cur-development@ldschurch.org

Mangyaring isulat ang inyong pangalan, tirahan, purok, at istaka. Tiyaking maibigay ang pamagat ng gabay sa pag-aaral. Pagkatapos ay ilahad ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kahusayan ng gabay sa pag-aaral at sa mga puntong maaari pa itong pagandahin.

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

©1999 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/96
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/96
Pagsasalin ng *Book of Mormon: Class Member Study Guide*
Tagalog

# Pambungad

Sa isang pulong na kasama ang Labindalawang Apostol, sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit pa kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat" (*History of the Church*, 4:461; tingnan din sa pambungad ng Aklat ni Mormon).

Ang gabay na ito sa pag-aaral ay ginawa para maging katulong ninyo sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon. Nahahati ito sa mga bahagi na tumutugma sa mga aralin sa kursong Doktrina ng Ebanghelyo sa Aklat ni Mormon. Ibinibigay ng bawat bahagi ang takdang babasahin sa buong linggo at mga tanong upang mapagbuti ang inyong pag-aaral. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong upang mapagbuti ang sariling pagsasagawa ng mga banal na kasulatan at upang makapaghandang makibahagi nang makabuluhan sa mga talakayan sa klase.

Magkatuwang kayo ng guro sa Doktrina ng Ebanghelyo sa pananagutang tulungan ang klase na maging matagumpay. Sinabi ng Panginoon na ang mga guro ay kailangang "mangaral . . . sa [pamamagitan ng] Espiritu ng katotohanan" at yaong mga tumatanggap ng "salita ng katotohanan" ay dapat na "tanggapin ito sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan" (Doktrina at mga Tipan 50:17, 19). Magpunta sa klase na handang magbahagi ng mga ideya, magtanong, magbahagi ng mga karanasan, magbigay ng patotoo, at makinig na mabuti sa guro at sa iba pang mga miyembro ng klase. Kapag napag-aralan na ninyo ang takdang babasahin at napag-isipan nang mabuti ang mga tanong sa gabay sa pag-aaral na ito, mas magiging handa kayo sa pagdanas ng katuparan ng mga salita ng Panginoon nang sabihin niyang, "Siya na nangangaral at siya na nakatatanggap, ay nauunawaan ang isa't isa, at sila ay kapwa pinagtibay at magkasamang magsasaya" (Doktrina at mga Tipan 50:22).

Ang gabay sa pag-aaral na ito ay isang mahalagang sanggunian para sa mga pamilya. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong sa gabay upang mahikayat ang mga miyembro ng pamilya na magkaroon ng talakayang nakasentro sa ebanghelyo. Ang bawat bahagi ay naglalaman din ng mga mungkahi para sa talakayang pampamilya. Maaaring sumangguni ang mga miyembro ng pamilya sa mga mungkahing ito sa kanilang paghahanda ng mga aralin para sa gabi ng tahanan ng pamilya.

## “Ang Saligang Bato ng Ating Relihiyon” 1

Pag-aralan nang may panalangin ang mga sumusunod na banal na kasulatan: 1 Nephi 13:38–41; 19:23; 2 Nephi 25:21–22; 27:22; 29:6–9; Mormon 8:26–41; Eter 5:2–4; Moroni 1:4; 10:3–5; Doktrina at mga Tipan 10:45–46; 20:8–12; 84:54–58. Pag-aralan din ang pambungad na materyal sa Aklat ni Mormon.

- Ayon sa pangalawang talata ng pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon, anu-ano ang tatlong layunin ng Aklat ni Mormon?
- Anu-ano ang inyong mga natutuhan mula sa Aklat ni Mormon tungkol kay Jesucristo? Paano pinalakas ng Aklat ni Mormon ang inyong patotoo kay Jesucristo?
- Anu-anong taludtod sa Aklat ni Mormon ang higit na nakapagbibigay-inspirasyon sa inyo?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Bilang pamilya, basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Marion G. Romney:

“Natitiyak ko na, kung sa ating tahanan, ay babasahin ng mga magulang ang Aklat ni Mormon nang may panalangin at palagian, kapwa sa kanilang sarili o kasama ang kanilang mga anak, ang espiritu ng aklat na yaon ay lalaganap sa ating mga tahanan at sa lahat ng naninirahan doon. Mag-iibayo ang diwa ng pagpipitagan; mararagdagan ang paggalang at pagsasaalang-alang sa isa’t isa. Mawawala ang pagtatalo. Mapapayuhan ng mga magulang ang kanilang mga anak nang may higit na pagmamahal at kaalaman. Ang mga anak ay mas tatalima at susunod sa mga payo ng kanilang mga magulang. Ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo ay mananagana sa ating mga tahanan at buhay na may dalang kapayapaan, kagalakan, at kaligayahan” (sa Conference Report, Abr. 1980, 90; o *Ensign*, Mayo 1980, 67).

Pag-usapan ang mga biyayang maaaring dumating sa inyong pamilya sa pagsunod ninyo sa payong ito. Magplano na araw-araw na pag-aralan bilang pamilya ang Aklat ni Mormon. Hikayatin ang bawat miyembro ng pamilya na maging responsable sa pagsunod sa plano.

## “Lahat ng Bagay Alinsunod sa Kanyang Kalooban” 2

***1 Nephi 1–7***

- Ang paglisan ni Lehi at ng kanyang pamilya sa Jerusalem ang isa sa pinakaunang pangyayari na inilarawan sa Aklat ni Mormon. Anu-anong kalagayan ang nagbunsod sa paglisang ito? (Tingnan sa 1 Nephi 1:4–15, 18–20; 2:1–3.)
- Bakit hindi tinanggap ng mga tao ng Jerusalem ang mensahe ni Lehi at ng iba pang propeta? (Tingnan

sa 1 Nephi 1:19–20; 2:12–13; 16:1–2.) Bakit may ilang tao ngayon na naghihimagsik laban sa Panginoon at sa Kanyang mga tagapaglingkod? Ano ang matututuhan ninyo mula kay Nephi tungkol sa kung paano ihahanda nang mabuti ang inyong puso sa mga turo ng mga propeta? (Tingnan sa 1 Nephi 2:16, 19.)

- Bakit kailangan ng pamilya ni Lehi na makuha ang mga laminang tanso? (Tingnan sa 1 Nephi 3:3, 19–20; 4:15–16; tingnan din sa 1 Nephi 5:21–22; Mosias 1:3–7.)

Habang pinag-aaralan ninyo ang 1 Nephi 2–4, ihambing ang mga katangian ni Nephi sa mga katangian nina Laman at Lemuel. Maaari ninyong bigyan ng pansin ang mga sumusunod na taludtod: 1 Nephi 1:1; 2:11–13, 16, 19; 3:5, 7, 14–15, 31; 4:1, 3.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Talakayin kung bakit kailangang makuha ng pamilya ni Lehi ang mga laminang tanso. Pag-usapan kung bakit nagpapasalamat kayo sa pagkakaroon ng mga banal na kasulatan. Pagkatapos hilingin sa mga miyembro ng pamilya na gumawa ng talaan ng mga kaibigang wala pang kopya ng Aklat ni Mormon. Pag-aralan nang may panalangin ang mga paraan ng pagbibigay ng Aklat ni Mormon sa ilan o sa lahat ng mga taong ito. Maaaring maglaan kayo ng tig-iisang kopya ng Aklat ni Mormon sa bawat miyembro ng pamilya upang kanilang ipamigay.

---

## Ang Pangitain Tungkol sa Punungkahoy ng Buhay

3

***1 Nephi 8–11; 12:16–18; 15***

Habang pinag-aaralan ninyo ang ulat tungkol sa pangitain ng punungkahoy ng buhay, tingnan ang mga sumusunod na simbolo at ang kanilang mga kahulugan:

Punungkahoy ng buhay (1 Nephi 8:10; 11:8–25)
Bunga ng punungkahoy ng buhay (1 Nephi 8:10–18, 30; 15:36; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 14:7)
Gabay na bakal (1 Nephi 8:19–24, 30; 11:25; 15:23–24)
Abu-abo ng kadiliman (1 Nephi 8:23–24; 12:17)
Ilog ng maruming tubig (1 Nephi 8:13, 26, 32; 15:26–29)
Malaki at maluwang na gusali (1 Nephi 8:26–28, 31, 33; 12:18)

- Nang ipakita kay Nephi ang punungkahoy ng buhay, hiniling niyang malaman ang kahulugan nito (1 Nephi 11:8–11). Ano ang natutuhan niya na kinakatawan ng puno? (Tingnan sa 1 Nephi 11:21–25.) Ano ang nakita ni Nephi na nakatulong sa kanya na mas mabuting maunawaan ang pag-ibig ng Diyos? (Tingnan sa 1 Nephi 11:13–21, 24, 26–33; tingnan din sa Juan 3:16.)
- Paano inilarawan nina Lehi at Nephi ang punungkahoy ng buhay

at ang bunga nito? (Tingnan sa 1 Nephi 8:10–12; 11:8–9, 23; 15:36.)

- Sa pangitain, nakita ni Lehi ang "di mabilang na lipumpon ng mga tao" (1 Nephi 8:21). Ang mga taong ito ay maaaring hatiin sa apat na uri batay sa kanilang mga ikinilos tungo sa puno at sa bunga. Basahin ang 1 Nephi 8:21–33, at hanapin ang apat na uring ito. Paano makikita ang mga uring ito sa daigdig ngayon? Sa palagay ninyo sa anong uri kayo nabibilang?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Isagawa ang sumusunod na gawain upang tulungan ang mga miyembro ng pamilya na mas maunawaan ang pangitain ng punungkahoy ng buhay: Piringan ang mga mata ng isang miyembro ng pamilya at paikutin siya. Ipaliwanag na ang piring ay kumakatawan sa abu-abo ng kadiliman. Pagkatapos ay maglagay ng larawan ng Tagapagligtas sa isang bahagi ng silid. Hamunin ang nakapiring na miyembro ng pamilya na pumunta sa larawan ng walang tulong kaninuman. Kapag kitang-kita nang hindi siya makapupunta nang diretso sa larawan, patayuin sa tabi ng larawan ang isang miyembro ng pamilya at ipahawak ang isang dulo ng tali (kumakatawan sa gabay na bakal). Ipahawak sa isa pang miyembro ng pamilya ang kabilang dulo nito. Pagkatapos ay pahawakin sa tali ang nakapiring na miyembro at papuntahin sa larawan.

---

## "Ang mga Bagay na Aking Nakita Habang Ako ay Natangay sa Espiritu" 4

***1 Nephi 12–14***

- Sa 1 Nephi 12, inilalarawan ni Nephi ang kanyang pangitain tungkol sa magiging kinabukasan ng kanyang binhi (ang kanyang mga inapo) at ng binhi ng kanyang mga kapatid. Sa anong mga paraan nagbabala ang ilang simbolo sa pangitain ng punungkahoy ng buhay (ang abu-abo ng kadiliman, ang malaki at maluwang na gusali, at ang ilog ng maruming tubig) sa pagbagsak ng binhi ni Nephi?
- Ano ang nakita ni Nephi na nabuo "sa mga bansa ng mga Gentil"? (Tingnan sa 1 Nephi 13:4–5.) Sino ang nagtatag ng makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan? (Tingnan sa 1 Nephi 13:6.)
- Ano ang ginawa ng makapangyarihan at karumal-dumal na simbahan sa Biblia? (Tingnan sa 1 Nephi 13:20–26.) Bakit? (Tingnan sa 1 Nephi 13:27.) Anu-ano ang ilan sa mga doktrinang mahirap maunawaan sa Biblia ngunit malinaw at mahalaga sa Aklat ni Mormon? Paano nakatulong ang Aklat ni Mormon na mas madali ninyong maunawaan ang Biblia o nadagdagan ang inyong patotoo sa Biblia?
- Nakita ni Nephi na kahit na kakaunti lamang ang mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon sa mga huling araw, makakayanan nilang mapaglabanan ang pang-uusig ng makapangyarihan at karumal-dumal

na simbahan. Ano ang nakita ni Nephi na sandata ng mga Banal ng Diyos? (Tingnan sa 1 Nephi 14:14.) Paano kayo "[ma]sasandatahan ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos"?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Magbasa ng mga piniling talata sa 1 Nephi12–14 bilang pamilya. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanatang ito, pagtuunan ng pansin ang mga propesiya ni Nephi. Imungkahi sa mga miyembro ng pamilya na markahan ang mga propesiya sa kanilang mga banal na kasulatan. Gumawa ng talaan ng mga propesiyang naganap na.

---

## "Makinig sa Katotohanan, at Bigyang-unawa Ito" 5

***1 Nephi 16–22***

Habang pinag-aaralan ninyo ang 1 Nephi 16–18, hanapin ang mga paraan kung paano ipinakita ni Nephi ang pagsunod, pananampalataya, at katapangan. Mag-isip ng mga paraan kung paano ninyo matutularan ang halimbawa ni Nephi.

- Ano ang kaibahan ng pagtugon ni Nephi sa mga pagsubok mula sa pagtugon ng karamihan sa mga miyembro ng pamilya niya? (Ihambing ang 1 Nephi 18:16 sa 1 Nephi 16:18–20, 34–36; 17:21.) Paano natin mapaglalabanan ang ugali nating bumulung-bulong kapag nahaharap tayo sa mga pagsubok?

Pag-aralan ang mga sumusunod na banal na kasulatan tungkol sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Maaari ninyong markahan ang mga taludtod na ito.

| | |
|---|---|
| 1 Nephi 3:7 | Doktrina at mga Tipan 130:20–21 |
| 1 Nephi 17:3 | Abraham 3:25 |
| Doktrina at mga Tipan 82:10 | |

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Kumuha ng dalawang piraso ng tali—isang maayos at isang naghihimulmol na. Ipakita ang maayos na tali, at ipaliwanag na ito ay gawa sa maraming sinulid. Ipaliwanag na kasing halaga ng pagiging mahigpit na pagkakatali nang sama-sama ng mga sinulid ang pagkakaisa ng mga pamilya. Pagkatapos ay ipakita ang naghihimulmol na tali. Ipaliwanag na gaya ng tali na humihina kapag nagkakahiwa-hiwalay ng mga sinulid, humuhina rin ang mga pamilya kapag hindi sila nagkakaisa.

Pag-aralang muli ang ulat sa 1 Nephi 16–18. Isaalang-alang kung paanong naaapektuhan ng mga ikinikilos ng bawat miyembro ng pamilya ang pagkakaisa ng pamilya. Pag-usapan kung ano ang magagawa ng inyong pamilya upang higit na magkaisa.

# “Malayang Makapipili ng Kalayaan at Buhay na Walang Hanggan” 6

***2 Nephi 1–2***

Ang 2 Nephi 1 ay naglalaman ng mga payo na ibinigay ni Lehi sa kanyang mga anak bago siya namatay. Habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito, maghanap ng mga partikular na bagay na ipinayo ni Lehi na gawin ng kanyang mga anak at ang mga biyaya na ipinangako niyang matatanggap nila kung sinunod nila ang kanyang mga payo.

Habang pinag-aaralan ninyo ang 2 Nephi 2, hanapin ang mga salitang *malaya, kilos,* at *pumili*. Maaari ninyong markahan ang mga salitang ito kapag nakita ninyo ang mga ito. Maglaan ng oras upang mapag-isipan ang kahalagahan ng mga salitang ito.

- Basahin ang 2 Nephi 2:6–8. Paano ninyo magagawa na ang “mga bagay na ito ay maipaalam”? Paano magpapakita ng pasasalamat sa Tagapagligtas para sa Kanyang Pagbabayad-sala ang gagawin ninyong pagpapaalam sa mga bagay na ito?
- Basahin ang 2 Nephi 2:15–25 at hanapin ang (1) mga kalagayang umiral kina Adan at Eva bago sila kumain ng ipinagbabawal na bunga at (2) pagsalungat na naranasan nina Adan at Eva pagkatapos nilang kumain ng bunga. Anu-anong mga biyaya ang maaari nating tanggapin dahil ang Pagkahulog nina Adan at Eva ay nagdulot ng pagsalungat dito sa daigdig? (Tingnan sa 2 Nephi 2:23–27; Moises 5:10–12.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipaliwanag na madalas na natatanong ang mga misyonero ng mga katanungang malinaw na nasasagot sa Aklat ni Mormon. Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na gumanap ng papel bilang misyonero na tinatanong ng mga katanungang nasa ibaba. Ipasagot sa kanila ang mga tanong na ginagamit ang mga kabilang na banal na kasulatan mula sa 2 Nephi 2.

1. Ano ang ibig ninyong sabihin kapag sinasabi ninyo na si Jesus ang Tagapagligtas? (Tingnan sa 2 Nephi 2:5–10.)
2. Bakit kapwa pinahihintulutan ng Diyos ang kabutihan at kasamaan sa mundo? (Tingnan sa 2 Nephi 2:11–13.)
3. Ayoko ng maraming utos. Hindi ba malilimitahan ang kalayaan ko kung susundin ko ang mga turo ni Jesus? (Tingnan sa 2 Nephi 2:26–29).

## “Alam Ko Kung Kanino Ako Nagtiwala” 7

***2 Nephi 3–5***

- Habang pinag-aaralan ninyo ang 2 Nephi 3, hanapin ang mga turo tungkol kay Propetang Joseph Smith. Paano kayo nabiyayaan nang dahil sa mga naibahagi ni Joseph Smith?
- Paano nakasumpong ng pag-asa si Nephi sa kabila ng nadaramang “napipiit” ng mga tukso at kasalanan? (Tingnan sa 2 Nephi 4:18–25.) Paano makatutulong sa inyo ang paggugunita ng mga biyayang tinanggap ninyo noon sa oras ng kahirapan?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Bilang pamilya, basahin ang ilan o lahat ng 2 Nephi 4:15–35. Ipaliwanag na ang taludtod na ito ay tinatawag minsan na “ang Awit ni Nephi.” Ipinahahayag nito ang ilan sa masisidhing damdamin ni Nephi. Talakayin kung bakit mahalaga na minsan ay “isulat ang mga bagay ng [ating mga] kaluluwa,” gaya ng ginawa ni Nephi (2 Nephi 4:15). Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na isulat nang madalas ang kanilang mga nadarama. Maaari rin nilang isulat nang paminsan-minsan ang nadarama nila nang patula o bilang awit ng papuri.

## “O Kaydakila ng Kabutihan ng Ating Diyos” 8

***2 Nephi 6–10***

Ang 2 Nephi 9 ay naglalaman ng pangaral ni Jacob, isa sa mga nakababatang kapatid na lalaki ni Nephi, tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo na siyang pangunahing pangyayari sa plano ng kaligtasan. Upang maunawaan ang mga turo ng kabanatang ito, makatutulong na maunawaan ang mga terminong *temporal na kamatayan* at *espirituwal na kamatayan*. Para sa mga paliwanag tungkol sa mga terminong ito, tingnan sa *Ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Kamatayan,” 110.

- Ano ang ginawa ng Tagapagligtas upang mapagtagumpayan ang temporal na kamatayan at espirituwal na kamatayan? (Tingnan sa 2 Nephi 9:5–7, 12, 21–22; tingnan din sa Lucas 22:44; Mosias 3:7; Doktrina at mga Tipan 19:16–19.)
- Ayon kay Jacob, anu-ano ang ilan sa mga bagay na kinakailangan nating gawin upang “maligtas sa kaharian ng Diyos,” o mapahintulutang manahan sa piling ng Diyos magpakailanman? (Tingnan sa 2 Nephi 9:18, 21, 23–24, 39, 41, 50–52.)
- Anu-ano ang ilan sa mga pag-uugali at mga kilos na pumipigil sa atin sa pagtanggap sa lahat ng mga biyaya ng Pagbabayad-sala? (Tingnan sa 2 Nephi 9:27–38.)
- Iprinopesiya ni Jacob na ang mga inapo ni Nephi ay “masasawi sa laman dahil sa kawalang-

paniniwala" at na ipapako ng mga Judio sa Jerusalem sa krus ang Tagapagligtas at ikakalat sila dahil sa kanilang mga kasalanan (2 Nephi 10:2–6). Ano ang gagawin ng Panginoon para sa mga taong ito kapag naniwala sila sa Kanya at magsisi sa kanilang mga kasalanan? (Tingnan sa 2 Nephi 10:2, 7–8, 21–22; tingnan din sa 1 Nephi 21:15–16; 2 Nephi 9:1–3, 53; 30:2.) Paano ito naangkop sa bawat isa sa atin?

Pag-aralan kung paanong napagtibay ng bawat salita at parirala sa mga sumusunod na talata ang kahulugan ng pangaral ni Jacob:

| | |
|---|---|
| 2 Nephi 9:10 | 2 Nephi 9:28 |
| 2 Nephi 9:14 | 2 Nephi 9:39 |
| 2 Nephi 9:18 | 2 Nephi 9:51 |

Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya

Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na talakayin kung ano ang ginawa ng Tagapagligtas para sa bawat isa sa kanila at para sa buo nilang pamilya.

---

## "Ang Aking Kaluluwa ay Nalulugod sa mga Salita ni Isaias" 9

***2 Nephi 11–25***

Bago ninyo simulang pag-aralan ang mga turo ni Isaias sa 2 Nephi 11–25, basahin ang pahayag na ito ni Elder Boyd K. Packer:

"Ang Aklat ni Mormon ay aklat ng banal na kasulatan. Ito ay isa pang tipan ni Jesucristo. Ito ay nasusulat sa wika ng biblia, ang wika ng mga propeta.

"Sa karamihang bahagi, ito ay nasa magaang daloy na wika ng Bagong Tipan, sa mga salitang tulad ng *nangusap* para sa *nagsalita*, *at ito ay nangyari na*, *kayo* at *inyo*.

"Hindi ninyo mababasa ang maraming pahina hanggat hindi ninyo nahuhuli ang indayog ng wika nito. Kapag nangyari ito, magiging madali na para sa inyo na maunawaan ang mga salaysay dito. Sa katunayan, karamihan sa mga kabataan ay agad nauunawaan ang pagsasalaysay sa Aklat ni Mormon.

"Pagkatapos, kapag panatag na kayong nagpapatuloy sa pagbabasa, makasusumpong kayo ng isang balakid. Ang istilo ng wika ay nagbabago sa istilo ng wika ng mga propesiya sa Lumang Tipan. Dahil kabilang sa salaysay ay mga kabanatang bumabanggit sa mga propesiya ng propetang si Isaias sa Lumang Tipan. Nagsisilbing balakid ang mga ito na parang sagabal sa daan o *checkpoint* na kung saan ang isang pangkaraniwang mambabasa, isang taong tamad mag-usisa, ay karaniwang hindi magpapatuloy.

"Kayo rin ay maaaring matuksong huminto roon, huwag ninyo itong gawin! Huwag kayong huminto sa pagbabasa! Magpatuloy kayo sa mga mahihirap intindihing kabanata ng propesiya sa Lumang Tipan, kahit na kaunti lamang ang nauunawaan ninyo rito. Magpatuloy, kahit na ang ginagawa lamang ninyo ay mamulot ng kaunting ideya. Magpatuloy, kahit

na ang ginagawa lamang ninyo ay tingnan ang mga salita. . . .

“ . . . May layunin ang Panginoon sa pag-iingat ng mga propesiya ni Isaias sa Aklat ni Mormon kahit na ito ay magiging hadlang sa isang karaniwang mambabasa.

“Yaong hindi nagpapatuloy pagkaraan ng mga kabanata ni Isaias ay nawawalan ng kayamanan na mapupulot niya sa daan” (sa Conference Report, Abr. 1986, 76–77; o *Ensign*, Mayo 1986, 61).

---

## “At Inaanyayahan Niya Silang Lahat na Lumapit sa Kanya” 10

***2 Nephi 26–30***

Ang 2 Nephi 26–30 ay naglalaman ng malalakas na propesiya hinggil sa mga huling araw. Nagpropesiya si Nephi tungkol sa mga tao na malilinlang ni Satanas at lalayo mula sa katotohanan. Gayunpaman, kanya ring nakita ang Pagpapanumbalik ng ebanghelyo at ang mga biyaya na ipagkakaloob sa matwid.

- Anu-ano ang ilan sa mga halimbawa sa 2 Nephi 28 ng mga pamamaraan ni Satanas upang linlangin tayo? Paano ninyo maiiwasang madaig ng mga pamamaraang ito? (Tingnan, halimbawa, ang 1 Nephi 15:24; 2 Nephi 28:30; Alma 17:2–3; Moroni 7:15–19; Doktrina at mga Tipan 21:1–6; 46:7.)
- Bakit kailangang pag-aralan natin ang Aklat ni Mormon bilang karagdagan sa Biblia? (Tingnan sa 2 Nephi 29:4–14; tingnan din sa 2 Nephi 28:30.)

### Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya

Patayuin sa gitna ng silid ang isang miyembro ng pamilya. Ipaliwanag na sa demostrasyong ito, ang dakong kanan ng taong ito ay kumakatawan sa lahat ng mabubuting bagay na maaaring magawa sa buhay. Ang pinakamalayong dako sa kanan ay kumakatawan sa mga pinakamainam na bagay na maaaring magawa. Ang dakong kaliwa ng taong ito ay kumakatawan sa masasamang bagay na maaaring magawa sa buhay. Ang pinakamalayong dako sa kaliwa ay kumakatawan sa mga masasamang bagay na maaaring magawa sa buhay. Ang pinakamalayong dako sa kaliwa ay kumakatawan sa pinakamasasamang bagay na maaaring magawa.

Ipaliwanag na gumamit si Elder Richard Scott ng gayon ding paraan sa paglalahad ng aralin. Sa oras na yaon ay naobserbahan niyang: “Sa gitna, mahirap mabatid kung ano ang tama at kung ano ang mali. Sa dakong gitnang ito nagtatrabaho si Satanas sa mabubuting tao . . . Madaling malito dito. Mamuhay nang mabuti sa dako ng kabutihang ipinaliwanag ng Panginoon, at hindi kayo magkakaroon ng anumang problema sa tukso. Kung hindi kayo nakatitiyak na ang isang bagay ay nararapat na tingnan, pakinggan, pag-isipan, o gawin, iwasan ito kung ganoon. Maaaring papunta na kayo sa isa sa mga patibong ni Satanas” (“Do What is Right,” *Ensign*, Hunyo 1997, 53–54).

Talakayin kung paano naaangkop ang demostrasyong ito sa mga pagpapasiya at tuksong hinaharap ng mga miyembro ng pamilya araw-araw.

## “Magpatuloy sa Paglakad nang may Katatagan kay Cristo” 11

***2 Nephi 31–33***

- Si Nephi ay nag-umpisa sa panghuli niyang mga sulat sa pamamagitan ng pagsasabi na siya ay magsasalita “hinggil sa doktrina ni Cristo” (2 Nephi 31:2). Batay sa mga turo ni Nephi sa 2 Nephi 31, paano ninyo ipaliliwanag “ang doktrina ni Cristo”?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ihanda ang hapag-kainan para sa isang salu-salo, at sabihin sa mga miyembro ng pamilya na dadalhin ninyo sa kanila ang kanilang pagkain. Kapag nakaupo na ang lahat sa hapag, ibigay sa kanila ang bahagi nila sa pagkain na mas kaunti sa karaniwang dami ng kinakain nila. Pagkatapos ay isagawa ang sumusunod na talakayan:

- Paano maihahambing ang pag-aaral natin ng mga banal na kasulatan sa pagkain ng napakakaunting pagkain?
- Bilang pamilya, basahin ang 2 Nephi 32:3. Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo? (2 Nephi 32:3.) Ano ang maaari nating gawin upang magwaring nagpapakabusog tayo sa isang handaan ang ating pag-aaral nang sarilinan at bilang pamilya ng mga banal na kasulatan?

## “Hanapin Muna Ninyo ang Kaharian ng Diyos” 12

***Jacob 1–4***

Upang higit pang matutuhan ang tungkol sa propetang si Jacob, basahin ang mga sumusunod na taludtod: 2 Nephi 18:7; 2 Nephi 2:1–4; 6:2–4; Jacob 1:1–2, 18–19.

- Ang propetang si Jacob ay nagbababala laban sa pag-ibig sa kayamanan, kapalaluan, karumihan ng puri, at panlalait sa ibang lahi (Jacob 2:12–16, 22–23; 3:5, 9). Matapos manawagan sa kanyang mga tao na magsisi, tinapos ni Jacob ang kanyang sermon sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa pag-asa ng kapatawaran sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala. Paano natin matatamo ang pag-asa kay Cristo na sinasabi ni Jacob? (Tingnan sa Jacob 4:4–12.)

Kinagalitan ni Jacob ang mga lalaking Nephita dahil sa kanilang pang-aabuso sa kanilang mga asawa at mga anak (Jacob 2:9, 31–32, 35). Ang mga namumuno sa Simbahan sa mga Huling Araw ay nagbigay rin ng matinding babala laban sa anumang uri ng pang-aabuso. Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagbabala na “ang mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o hindi tumutupad ng kanilang mga tungkulin sa pamilya, na balang araw

sila ay pananagutin sa harap ng Diyos." ("Ang Mag-anak: Isang Paghahayag sa Mundo," 35538.893.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipabasa sa mga miyembro ng pamilya ang Jacob 2:35. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Anu-ano ang ilan sa mga bagay na ginagawa o sinasabi natin na maaaring makasakit ng damdamin ng iba? Ano ang magagawa natin upang magkaroon ng ibayong pagkakaisa at pagmamahalan sa ating tahanan?

---

## Ang Talinghaga ng mga Punong Olibo 13

***Jacob 5–7***

Ang Jacob 5 ay naglalaman ng talinghaga mula kay Zenos, isang propetang Hebreo na tinukoy ng ilang ulit sa Aklat ni Mormon. Ang talinghaga ay isang pamamaraan sa panitikan kung saan ang isang bagay o pangyayari ay ginagamit upang maglarawan o kumakatawan sa isa pa. Ang sumusunod na tsart ay maaaring makapagdagdag sa inyong pag-unawa sa talinghaga:

| Simbolo | Kahulugan |
|---|---|
| Olibohan | Ang daigdig |
| Panginoon ng olibohan | Jesucristo |
| Likas na punong olibo | Ang sambahayan ni Israel, ang mga taong tipan ng Panginoon |
| Ligaw na punong olibo | Mga Gentil (mga taong hindi ipinanganak sa sambahayan ni Israel) |
| Mga sanga | Pulutong ng mga tao |
| Mga tagapagsilbi | Mga propeta at iba pang mga tinawag upang maglingkod |
| Bunga | Mga buhay o mga gawa ng tao |

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipaliwanag na ang mga tagapagsilbing binanggit sa Jacob 5:61–72 ay ang mga Banal sa mga Huling Araw na nagbabahagi ng ebanghelyo (Doktrina at mga Tipan 133:8). Talakayin ang mga paraan kung paano maibabahagi ng mga miyembro ng pamilya ang ebanghelyo bilang mga *full-time* na misyonero at sa mga araw-araw na gawain. Maglayon na tumulong sa mga miyembro ng pamilya na lalong maging handa sa paggawa ng gawaing misyonero.

## “Para sa Isang Matalinong Layunin” 14

***Enos, Jarom, Omni, Mga Salita ni Mormon***

- Paano inilarawan ni Enos ang kanyang panalangin sa Panginoon? (Tingnan sa Enos 1:2.) Ano ang itinuturo sa inyo ng kanyang ulat tungkol sa paghahanap ng kapatawaran hinggil sa pagsisisi? Ano ang maituturo sa inyo ng ulat tungkol sa panalangin?
- Paano natin “[maia]alay ang buo [nating] kaluluwa bilang handog” sa Tagapagligtas? (Omni 1:26).
- Ayon kay Mormon, ano ang layunin ng buong sagradong tala na kanyang pinaiikli? (Tingnan sa Mga Salita ni Mormon 1:2, 8; tingnan din sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon.) Bakit mahalagang basahin natin ang Aklat ni Mormon nang may ganitong layunin sa isip?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipaliwanag na ang mga manunulat ng mga aklat nina Enos, Jarom, at Omni ay inutusang pag-ingatan at idagdag ang mga tala ng kanilang mga tao. Pinayuhan din ang mga Banal sa mga Huling Araw na mag-ingat ng mga kasaysayan ng kanilang sarili at mga pamilya. Kung may makukuha kayong talaarawan ng isang ninuno, basahin bilang pamilya ang ilan sa mga nakatala. Talakayin ang kahalagahan ng pag-iingat ng mga pansariling talaarawan at mga kasaysayan ng pamilya.


## “May Walang Hanggang Pagkakautang sa Inyong Ama sa Langit” 15

***Mosias 1–3***

- Sa pamamahala ni Haring Benjamin, ano ang kaibahan ng mga Nephita na nag-aral ng mga banal na kasulatan, sa mga Lamanita, na hindi nag-aral? (Tingnan sa Mosias 1:5). Paano ninyo nakikitang nasasalamin ang kaibahang ito sa makabagong lipunan?
- Basahin ang Mosias 2:20–21, 34. Ano ang ibig ipakahulugan ng isang hindi “kapaki-pakinabang na tagapaglingkod” na may “walang katapusang pagkakautang sa . . . Ama sa langit”? Bakit tayo mga hindi kapaki-pakinabang na mga tagapaglingkod sa Diyos kahit na pinupuri at pinaglilingkuran natin Siya nang buo nating kaluluwa? (Tingnan sa Mosias 2:22–25; tingnan din ang larawan sa pahinang ito.) Ano ang itinuturo nito tungkol sa pag-ibig ng Ama sa Langit para sa inyo?
- Ano ang natututuhan ninyo tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo mula sa Mosias 2–3?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Gumuhit ng timbangan sa isang pirasong papel, gaya nang ipinakita sa ibaba.




Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung bakit hindi pantay ang timbangan. Pagkatapos ay ipabasa nang malakas sa kanila ang Mosias 2:20–25. Habang nagbabasa sila, anyayahan silang mag-isip ng maaari nating ialay sa Panginoon at ng mga biyayang ibinigay Niya sa atin. Ilista ang ating mga alay sa isang panig ng timbangan na may markang *Mga Alay Natin*. Ilista ang mga biyaya ng Diyos sa panig ng timbangang may markang *Mga Biyaya ng Diyos*. Tulungan ang mga miyembro ng pamilya na makita na lagi tayong may pagkakautang sa Kanya. Ipahayag ang inyong pasasalamat sa mga biyaya ng Diyos.

---

## "Kayo ay Tatawaging mga Anak ni Cristo" 16

***Mosias 4–6***

- Sa palagay ninyo, bakit binigyang-diin ni Haring Benjamin ang "kawalang-kabuluhan" at di pagiging karapat-dapat ng kanyang mga tao? (Tingnan sa Mosias 4:5–8, 11–12.) Bakit mahalaga sa atin na kilalanin na umaasa tayo sa Panginoon?
- Ayon kay Haring Benjamin, anu-ano ang mga tungkulin ng mga magulang sa kanilang mga anak? (Tingnan sa Mosias 4:14–15.)
- Tinagubilinan ni Haring Benjamin ang kanyang mga tao na tulungan ang mga nangangailangan (Mosias 4:16–17, 22). Bakit tayo may "malaking dahilan upang magsisi" kung hindi tayo tumutulong sa nangangailangan? (Tingnan sa Mosias 4:18–23.) Sa paanong paraan nagiging pulubi tayong lahat? (Tingnan sa Mosias 4:19–20.)
- Ano ang ibinigay na payo ni Haring Benjamin sa mga maralitang hindi makapagbabahagi ng kanilang kabuhayan? (Tingnan sa Mosias 4:24–25.) Paano kayo magkakaroon ng mapagbigay na puso anuman ang kalagayan ng inyong kabuhayan?
- Itinuro ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao na kailangan nilang bantayan ang kanilang mga isipan, salita, at gawa upang maiwasan ang pagkakasala at matupad ang kanilang pangako sa Diyos (Mosias 4:29–30). Ano ang kaugnayan ng ating mga isipan, mga salita, at mga gawa sa isa't isa?
- Ano ang epekto ng Espiritu ng Panginoon sa mga tao habang nagsasalita sa kanila si Haring Benjamin? (Tingnan sa Mosias 5:2–5.) Paano maaapektuhan ang ating buhay at pakikipag-ugnayan kung tayo ay "wala nang hangarin pang gumawa ng masama"?
- Ano ang ibig sabihin ng maging mga anak ni Cristo? (Tingnan sa Mosias 5:2, 5–7.) Ano ang ibig sabihin ng "taglayin [ng ating mga sarili] ang pangalan ni Cristo"?

(Tingnan sa Mosias 5:8–11.) Ano ang magagawa ninyo sa araw-araw na makatutulong sa inyong sarili upang mapanatiling nakasulat ang pangalan ni Cristo sa inyong puso? (Tingnan sa Mosias 5:11–15.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Mosias 4:16–17 bilang pamilya. Talakayin ang mga bagay na sama-sama ninyong magagawa upang makatulong sa mga taong nangangailangan. Maaari kayong magplano ng isang proyekto sa paglilingkod. Maaari rin ninyong naising pag-usapan ang tungkol sa mga handog-ayuno at kung paano ginagamit ang mga ito.

## "Ang Tagakita . . . ay Naging Malaking Kapakinabangan sa Kanyang Kapwa" 17

*Mosias 7–11*

Habang pinag-aaralan ninyo ang Mosias 7–11, hanapin ang mga taludtod na nagtuturo ng kahalagahan ng pagsunod sa mga yaong tinawag ng Panginoon bilang mga propeta, tagakita, at tagapagpahayag.

- Paano ipinaliwanag ni Ammon ang gawain ng isang tagakita? (Tingnan sa Mosias 8:16–18.) Paano ginampanan ni Abinadi ang papel ng isang tagakita? (Hanapin ang mga tiyak na halimbawa sa Mosias 11.)

Kung minsan ay makatatanggap tayo ng karagdagang kaalaman mula sa mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng paghahambing sa dalawang tao na nasa parehong kalagayan. Gamitin ang sumusunod na tsart upang ihambing si Haring Noe kay Haring Benjamin.

| Haring Noe | Haring Benjamin |
| --- | --- |
| Mosias 11:2 | Mosias 2:13 |
| Mosias 11:3–4, 6 | Mosias 2:12, 14 |
| Mosias 11:5, 7 | Mga Salita ni Mormon 1:17–18 |

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipaliwanag na ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga propeta, mga tagakita, at mga tagapagpahayag. Talakayin kung paanong ang mga propeta, mga tagakita, at mga tagapagpahayag sa mga huling araw ay isang "malaking kapakinabangan" sa atin (Mosias 8:16–18). Pagkatapos ay pag-aralang muli ang mensaheng ibinigay kamakailan lamang ng Pangulo ng Simbahan sa isang komperensiya.

## “Ang Diyos—ay Tutubusin ang Kanyang mga Tao” 18

***Mosias 12–17***

Habang pinag-aaralan ninyo ang Mosias 12–17, hanapin ang pangunahing mensahe ni Abinadi kay Haring Noe at sa kanyang mga saserdote. Tanungin ang inyong sarili kung bakit handang mamatay si Abinadi para maihatid ang mensaheng ito.

- Matapos mapangatwiran ni Abinadi ang mga pagsisikap ng mga saserdote na “mapasinungalingan siya,” tinanong siya ng isa sa mga saserdote tungkol sa talata sa mga banal na kasulatan (Mosias 12:19–24; tingnan din sa Isaias 52:7–10). Bakit hindi naunawaan ng mga saserdote ang talatang ito sa banal na kasulatan? (Tingnan sa Mosias 12:25–27.) Ano ang ibig sabihin ng gamitin ang ating mga puso sa pag-unawa?
- Ano ang ibig sabihin ng “isulat sa [ating] mga puso” ang mga kautusan? (Mosias 13:11). Paano nakaaapekto ang mga kautusang nakasulat sa inyong puso sa inyong pagsisikap na sundin ang mga ito?
- Ano ang ilang bagay na matututuhan ninyo tungkol sa Tagapagligtas mula sa mga propesiya na binanggit sa Mosias 14?
- Sa pagtatapos ng kanyang pangangaral, ano ang ipinayo ni Abinadi na gawin ni Noe at ng mga saserdote? (Tingnan sa Mosias 15:13–15.) Paano ninyo maipamumuhay ang payong ito?
- Bagaman hindi naman ninyo kakailanganing mamatay para sa inyong pananampalataya, sa paanong paraan maaari ninyong tularan ang halimbawa ni Abinadi?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Bilang pamilya, gumawa ng talaan ng mga tao na nakapaghatid ng mensahe ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa gitna ng malaking panganib, tulad ni Abinadi (tingnan, halimbawa, sa Mga Gawa 4:1–12; 1 Nephi 1:18–20; Mosias 18:1–2; Helaman 13:1–7). Kung may alam kayong mga miyembro ng pamilya na nakagawa ng gawaing misyonero sa mahihirap na kalagayan, ikuwento ang kanilang mga karanasan. Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na itala ang mga karanasang ito sa kanilang talaarawan.

## “Walang Makapagpapalaya sa Kanila Kundi ang Panginoon” 19

***Mosias 18–24***

Ang Mosias 18 ay naglalaman ng isang paliwanag tungkol sa tipan ng pagbibinyag. Bago ninyo pag-aralan ang kabanatang ito, basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Joseph Fielding Smith:

“Ang tipan ay kontrata at kasunduan sa pagitan ng dalawa o higit pang tao o grupo. Kung pag-uusapan ang mga tipan ng ebanghelyo, ang magkabilang panig ay ang Panginoon sa langit at

ang mga tao sa lupa. Nakipagkasundo ang mga tao na susundin ang mga kautusan at nangako naman ang Panginoon na sila ay gagantimpalaan nang naaayon sa kanilang mga ginawa" (sa Conference Report, Okt. 1970, 91; o *Improvement Era*, Dis. 1970, 26).

- Ano ang mga tipang ipinangako nating gagawin nang mabinyagan tayo? (Tingnan sa Mosias 18:8–13; Moroni 6:2–3; Doktrina at mga Tipan 20:37.) Ano ang ipinangako ng Panginoon nang mabinyagan tayo at kapag tinutupad natin ang ating tipan ng pagbibinyag? (Tingnan sa Mosias 18:10, 12–13; tingnan din sa 2 Nephi 31:17.)
- Bakit biniyayaan nang mas mabilis at sagana ng Panginoon ang mga tao ni Alma habang sila ay nasa pagkaalipin kaysa sa pagkakaloob Niya ng mga biyaya sa mga tao ni Limhi? (Ihambing ang Mosias 21:5–15 sa Mosias 23:26–27; 24:10–16.) Paano natin ito maipamumuhay?
- Bakit gumagaan ang ating pasanin kapag tayo ay "nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon"? (Mosias 24:15). Sa paanong paraan pinalalakas kayo ng Panginoon upang tulungan kayo na "mabata [ang inyong] mga pasanin nang may kagaanan"?
- Ano ang matututuhan natin sa mga tao nina Limhi at Alma tungkol sa pagtanggap ng kaligtasan mula sa pagkaalipin ng kasalanan? (Tingnan sa Mosias 7:33; 21:14; 23:23; 29:18–20; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:49–51.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Talakayin ang mga tanong sa sinundang pahina tungkol sa tipan ng pagbibinyag. Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na nabinyagan na na magbahagi ng mga alaala nila nang sila ay binyagan.

## "Ang Aking Kaluluwa ay Hindi na Muling Nagdusa" 20

***Mosias 25–28; Alma 36***

Kabilang sa Mosias 25–28 at Alma 36 ang mga ulat ng mga kahima-himalang pagbabalik-loob ni Alma at ng apat na anak na lalaki ni Mosias. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanatang ito, maglaan ng oras upang mapag-isipang mabuti ang inyong sariling pagbabalik-loob.

- Bakit mahalagang "patawarin ang isa't isa"? (Mosias 26:31). Paano kayo nabiyayaan sa pagpapatawad sa iba o sa pagpapatawad sa inyo ng iba?
- Bakit nagsugo ng isang anghel ang Panginoon upang mangusap sa Nakababatang Alma at sa kanyang mga kasama? (Tingnan sa Mosias 27:14.) Paano nakatutulong ang panalangin kapag ang isang minamahal sa buhay ay humintong ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo?

- Bigyang-pansin ang mga salita at mga parirala sa Mosias 27 at Alma 36 na nagsasalungat sa mga damdamin ni Alma bago siya pinatawad at matapos siyang patawarin. (Halimbawa, tingnan sa Mosias 27:29. Bago pinatawad si Alma, ang kanyang "kaluluwa ay pinahirapan ng walang hanggang parusa." Matapos siyang patawarin, ang kanyang "kaluluwa ay hindi na muling nagdusa.")

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Itanong sa mga miyembro ng pamilya ang sumusunod:

- Anu-ano ang pinakamahahalagang bagay na dapat isaalang-alang kapag naghahandang maglingkod sa isang misyon? (Tulungan ang mga miyembro ng pamilya na malaman na ang *lugar* na paglilingkuran ay hindi kasinghalaga ng *dahilan* ng ating paglilingkod at ng *paraan* ng ating paglilingkod.)

Pabuksan sa mga miyembro ng pamilya ang kanilang aklat sa Mosias 28. Ipaliwanag na ang kabanatang ito ay naglalaman ng tala ng mga anak ni Mosias, na nagnais maglingkod sa mga Lamanita bilang mga misyonero.

- Bakit ninais mangaral ng mga anak ni Mosias sa mga Lamanita? (Tingnan sa Mosias 28:2–3.) Paano natin pag-iibayuhin ang ating pangakong ibahagi ang ebanghelyo?

---

## "Si Alma . . . Humahatol ng Makatarungang Paghahatol" 21

***Mosias 29; Alma 1–4***

Nang tumanggi ang lahat ng anak na lalaki ni Haring Mosias na humalili sa kanya bilang hari, nagpadala si Mosias ng isang nasusulat na pahayag sa mga tao, iminumungkahing palitan ng isang sistema ng mga hukom ang pamamahala ng mga hari pagkatapos ng kanyang kamatayan. Habang pinag-aaralan ninyo ang Mosias 29, isaalang-alang ang itinuturo ng mga salita ni Haring Mosias tungkol sa uri ng mga pinunong makatutulong na gumawa ng "makapapayapa sa mga taong ito" (Mosias 29:10).

- Sa unang taon ng panunungkulan ng mga hukom, isang lalaking nagngangalang Nehor ang dinala sa harapan ni Alma upang hatulan (Alma 1:1–2, 15). Ano ang mga itinuro ni Nehor sa mga tao? (Tingnan sa Alma 1:3–4.) Ano ang ibinunga ng kanyang pagtuturo? (Tingnan sa Alma 1:5–6.) Sa palagay ninyo, bakit kaakit-akit ang mga itinuro ni Nehor sa napakaraming tao? Alin sa mga turong ito ang narinig na ninyo ngayon sa ating panahon?
- Ano ang ginawa ni Alma bilang tugon sa lumalaganap na kapalaluan at kasamaan ng mga tao? (Tingnan sa Alma 4:15–19.) Paano "pumupukaw [sa mga tao] ang pag-aalala sa kanilang tungkulin" ang pangangaral ng salita ng Diyos? Paano "mahihila pababa" ng pangangaral ng salita ng Diyos ang kapalaluan, katusuhan, at alitan?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Alma 4:15–20 bilang pamilya. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Bakit sa palagay ninyo wala nang ibang paraan para matulungan ni Alma ang mga tao maliban sa "pagpapahayag ng dalisay na patotoo laban sa kanila?" Anuanong mga suliranin sa daigdig ngayon ang maaaring malutas sa pamamagitan ng pangangaral at pamumuhay ng ebanghelyo?

## "Inyo bang Tinanggap ang Kanyang Larawan sa Inyong mga Mukha?" 22

***Alma 5–7***

Ang Alma 5 ay naglalaman ng mahigit na 40 tanong. Hanapin ang mga tanong na iyon at pag-isipang mabuti kung paano ninyo sasagutin ang mga ito.

- Sa kanyang pahayag sa mga tao sa Zarahemla, nagsalita si Alma tungkol sa pagdanas ng isang "malaking pagbabago" ng puso at pagiging "isinilang sa Diyos" (Alma 5:14). Madalas nating gamitin ang salitang *pagbabalik-loob* kapag tinutukoy natin ang karanasang ito. Ano ang ibig sabihin ng nagbalikloob? (Tingnan sa Mosias 5:2; 27:24–26.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Alma 5:14, 19 bilang pamilya. Ipaliwanag na ang salitang *mukha* ay tumutukoy sa pag-uugali ng isang tao o kung paano ipinakikita ng mukha ng tao ang kanyang pagkatao.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "ang larawan ng Diyos ay nakaukit sa [ating] mga mukha"? Ano ang namalas ninyo sa ibang tao na nagpapakitang "tinanggap [nila] ang kanyang larawan sa [kanilang] mga mukha"?

## "May Higit Pa Kaysa Isang Saksi" 23

***Alma 8–12***

- Matapos niyang maitatag ang kaayusan ng Simbahan sa mga tao sa Gedeon at Melek, nagtungo si Alma sa lupain ng Ammonihas upang mangaral. Anong hamon ang nakaharap niya sa Ammonihah? (Tingnan sa Alma 8:8–9.)
- Alin sa mga salita sa Alma 8:10 ang naglalarawan sa matinding pagsisikap ni Alma sa Ammonihas? Paano tumugon ang mga tao ng Ammonihas sa pagpangaral ni Alma? (Tingnan sa Alma 8:11–13.)

Habang pinag-aaralan ninyo ang Alma 8:18–32 at Alma 10–11, hanapin ang mga bagay na nabago kay Amulek nang sundin niya ang mensahe ng anghel at maglingkod bilang kasama ni Alma.

- Paano nakaaapekto ang kalagayan ng ating mga puso sa pag-unawa sa salita ng Diyos? (Tingnan sa Alma 12:9–11.) Paano tayo magkakaroon ng pusong nakakikilala, nakauunawa, at tumatanggap sa salita ng Diyos? (Tingnan sa 1 Nephi 2:16; 15:11.)

### Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya

Ipaliwanag na noong mag-isang pumunta si Alma sa lungsod ng Ammonihas, sinabi ng mga tao, "Sino ang Diyos, na nagsugo ng may karapatan na hindi hihigit kaysa sa isang tao sa mga taong ito?" (Alma 9:6). Nanggilalas ang mga tao nang mangaral sa kanila si Amulek, na "nakikitang may higit pa kaysa sa isang saksi" (Alma 10:12). Bilang pamilya, basahin ang mga banal na kasulatan na nakatala sa sumusunod na tsart. Bigyang-pansin kung paano patuloy na sinuportahan nina Alma at Amulek ang mga pagsisikap ng isa't isa sa pamamagitan ng pangangaral ng magkakatulad na doktrina:

| Doktrina | Ang Pagpapatotoo ni Amulek | Ang Pagpapatotoo ni Alma |
|---|---|---|
| Ang Pagbabayad-sala | Alma 11:40 | Alma 12:33–34 |
| Pagsisisi | Alma 11:40 | Alma 12:24 |
| Paghuhukom | Alma 11:41 | Alma 12:14 |
| Pagkabuhay na Mag-uli | Alma 11:41–42 | Alma 12:24–25 |

- Ano ang mga kapakinabangan ng pagkakaroon ng higit pa kaysa isang saksi kapag nagbabahagi ng ebanghelyo? Paano natin matutulungan ang bawat isa sa mga pagsusumigasig na ito?

## "Bigyan Kami ng Lakas Alinsunod sa Aming Pananampalataya . . . kay Cristo" 24

***Alma 13–16***

Matapos maturuan ni Alma si Zisrom at ang iba pa sa Ammonihas ng plano ng pagtubos, nagpatotoo siya tungkol sa pagkasaserdote at sa doktrina ng pag-oorden bago isilang. Basahin ang sumusunod na mga siping banggit na may kaugnayan sa inyong pag-aaral ng Alma 13:1–7:

Sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Ang bawat lalaking natawag na mangasiwa sa mga naninirahan sa daigdig ay inordenan sa gayon ding layunin sa Dakilang Kapulungan sa langit bago itinatag ang daigdig na ito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith, [1976], 365).

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Bago tayo pumarito sa daigdig, binigyan ang matatapat na kababaihan ng tiyak na mga gawain habang ang matatapat na kalalakihan ay inordenan bago isinilang sa mga tiyak na gawaing pagkasaserdote. Samantalang hindi natin naaalala ngayon ang mga natatanging pangyayaring ito, hindi ito nakapagpabago sa dakilang katotohanan ng ating napagkasunduan. Kayo ay may pananagutan sa mga bagay na iyon na inasahan sa inyo matagal nang panahon katulad ng mga yaong sinang-ayunan bilang mga propeta at mga apostol!" ("The Role of Righteous Women," *Ensign*, Nob. 1979, 102).

- Matapos usigin sa bilangguan nang maraming araw, paano nailigtas sa wakas sina Alma at Amulek? (Tingnan sa Alma 14:26–29; Eter

12:12–13.) Ano ang ilang mga bagay kung saan kailangan nating mailigtas mula rito? Bakit dapat na nakatuon ang ating pananampalataya kay Cristo upang maakay tayo sa kaligtasan? (Tingnan sa Mosias 3:17; Moroni 7:33.)

- Ano ang ipinahahayag ng Alma 15:3–5 tungkol sa pagtitiwala ni Zisrom kina Alma at Amulek? Kanino kinailangang magtiwala si Zisrom para siya gumaling? (Tingnan sa Alma 15:6–10.) Ano ang natututuhan ninyo sa mga kilos ni Zisrom matapos siyang gumaling? (Tingnan sa Alma 15:11–12.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Matapos pag-aralang muli ang lahat o bahagi ng Alma 13–16, hilingin sa bawat miyembro ng pamilya na magbahagi ng anumang napag-aralan niya mula sa ulat.

---

## "Sila ay Nagturo nang may Kapangyarihan at Karapatan ng Diyos" 25

***Alma 17–22***

- Ano ang nagbigay-daan sa tagumpay ni Ammon at ng kanyang mga kapatid sa kanilang mga pagsisikap na dalhin ang mga Lamanita sa kaalaman ng katotohanan? Ano ang natututuhan ninyo sa pamamaraan nina Ammon at Aaron sa gawaing misyonero?
- Anong mga doktrina ang itinuro nina Ammon at Aaron kay Haring Lamoni at sa kanyang ama? (Tingnan sa Alma 18:34–39; Alma 22:7–14.)
- Anong mga sakripisyo ang handang gawin ng ama ni Lamoni upang makilala ang Diyos? (Tingnan sa Alma 22:15, 17–18.) Ano ang matututuhan natin sa kanyang halimbawa?

Habang pinag-aaralan ninyo ang Alma 17–22, hanapin ang mga ulat ng mga taong nakatanggap ng mga biyaya matapos nilang pagtiisan ang mga pagsubok. Pag-isipang mabuti ang mga biyayang natanggap ninyo sa matapat ninyong pagtitiis ng mga pagsubok.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Magpakita ng ilang iba't ibang instrumento o kasangkapan. Hilingin sa mga miyembro ng pamilya na ipaliwanag kung paano ginagamit ang bawat instrumento (o kasangkapan). Pagkatapos ay basahin ang Alma 17:1–9 at ituro na tayo, tulad ng mga anak na lalaki ni Mosias, ay maaaring maging "[mga] kasangkapan sa mga kamay ng Diyos" sa pagbabahagi natin ng ebanghelyo sa iba. Bigyang-diin na tutulungan tayo ng Panginoon sa pagsisikap nating maging mga kasangkapan sa Kanyang mga kamay.

## “Nagbalik-loob sa Panginoon” 26

***Alma 23–29***

Tinatalakay ng Alma 23–27 ang tungkol sa mga Anti-Nephi-Lehi, isang grupo ng mga tao na lubos na nagbalik-loob sa Panginoon kaya’t sila “kailanman ay hindi nagsitalikod” (Alma 23:6). Habang pinag-aaralan ninyo ang ulat na ito, hanapin ang mga katibayan ng katotohanan at katapatan ng pagbabalik-loob ng mga Anti-Nephi-Lehi.

- Ang mga Anti-Nephi-Lehi “ay nagbalik-loob sa Panginoon” (Alma 23:6). Bakit mahalaga na si Jesucristo ang sentro ng ating pagbabalik-loob?
- Pinili ng mga nagbalik-loob na mga Lamanita na makilala sila mula sa kanilang mga kapatid na nanatiling masama (Alma 23:16–18; 27:27–30.) Sa anong paraan makikilala tayo mula sa daigdig kapag tayo ay nagbalik-loob?
- Sa kabila ng kanilang paghihirap, ano ang pinasasalamatan ng mga Anti-Nephi-Lehi? (Tingnan sa Alma 24:7–10.) Paano nakatutulong sa atin ang pasasalamat sa Diyos na harapin ang mga pagsubok at paghihirap?
- “Kinuha [ng mga Anti-Nephi-Lehi] ang kanilang mga espada . . . at ibinaon nila ang mga ito nang malalim sa lupa” (Alma 24:15–17). Bakit mahalaga na ibaon nila ang kanilang mga sandata kaysa mangako lamang na hindi na gagamitin ang mga ito? Ano ang magagawa natin upang ibaon ang ating “mga sandata ng paghihimagsik”?

Habang pinag-aaralan ninyo ang Alma 26–27, hanapin ang mga halimbawa ng mga biyayang dumarating sa mga misyonero bilang bunga ng kanilang pagsisikap.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Isalaysay ang ulat ng pagbabalik-loob ng mga Anti-Nephi-Lehi. Isaalang-alang ang paggamit ng ilan sa mga tanong sa bahaging ito upang masimulan ang talakayan. Pagkatapos ay ipabasa sa mga miyembro ng pamilya ang ilan o lahat ng sumusunod na taludtod tungkol sa pagbabalik-loob.

| | |
|---|---|
| Lucas 22:32 | Alma 5:7–14 |
| Mosias 5:2 3 | Nephi 6:14 |
| Mosias 5:7 | 3 Nephi 9:13–14 |

## “Ang Lahat ng Bagay ay Magpapatunay na May Diyos” 27

***Alma 30–31***

Tandaan ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson habang pinag-aaralan ninyo ang Alma 30–31:

“Ibinubunyag ng Aklat ni Mormon ang mga kaaway ni Cristo. . . . Ang mga uri ng mga taong lubusang tumalikod sa katotohanan sa Aklat ni Mormon ay katulad din ng mga uri na mayroon tayo ngayon. Dahil sa walang hanggang kaalaman ng Diyos,

hinubog ang Aklat ni Mormon upang makita natin ang mali at malaman kung paano labanan ang mga maling konsepto tungkol sa edukasyon, pulitika, relihiyon, at pilosopiya sa ating panahon" ("The Book of Mormon Is the Word of God," *Ensign*, Ene. 1988, 3).

- Nang humingi si Korihor ng palatandaan ng pagkakaroon ng Diyos, anu-anong mga palatandaan ang ibinigay ni Alma bilang patunay na buhay ang Diyos? (Tingnan sa Alma 30:44.) Paano nakatutulong ang pagkakaroon ng mga katibayang ito upang mapalakas ang inyong pananampalataya?

Habang pinag-aaralan ninyo ang Alma 31, ihambing ang panalangin ng mga Zoramita sa panalangin ni Alma. Maaari ninyong markahan ang mga kaibahang nakita ninyo.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipaliwanag na ang mga ideyang kapareho ng mga turo ni Korihor ay ipinahahayag ng ilang tao ngayon. Pagkatapos ay talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang maaari nating gawin upang mapaglabanan ang mga impluwensiya ng mga taong nagtatangka na sirain ang ating pananampalataya? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng maaari tayong mag-aral ng mga banal na kasulatan; magdasal; umiwas sa pagtatalo; at makipag-usap sa mga magulang, sa obispo, o iba pang mga mapagkakatiwalaang kaibigan).

---

## "Ang Salita ay na Kay Cristo Tungo sa Kaligtasan" 28

***Alma 32–35***

- Inihalintulad ni Alma ang salita ng Diyos sa isang binhi (Alma 32:28). Ano ang maaari ninyong gawin upang "magbigay-puwang" ang inyong mga puso para sa salita ng Diyos? (Alma 32:28).
- Basahin ang Alma 32:28–35. Sa palagay ninyo, ano ang ibig sabihin ng maramdaman ang salita na "lumaki sa loob ng [inyong] mga dibdib"? Paano nagpapalaki ng inyong kaluluwa, nagpapaliwanag ng inyong pang-unawa, at nagpapalawak ng inyong isipan ang mga banal na kasulatan? Sa anong paraan naging masarap sa inyo ang salita ng Diyos?
- Matapos marinig ang pangangaral ni Alma nais malaman ng mga tao kung "sa paanong paraan sila magsisimula upang gamitin ang kanilang pananampalataya" (Alma 33:1). Tumugon si Alma sa pagbanggit ng mga turo ng mga propetang sina Zenos, Zenok, at Moises. Ano ang sentro ng mensahe ng mga turong ito? (Tingnan sa Alma 33:3–22.)
- Matapos ninyong pag-aralan ang Alma 33:19–22, basahin ang Mga Bilang 21:4–9, Juan 3:1–16, 1 Nephi 17:41, Alma 37:46, at Helaman 8:13–15. Hanapin ang mga dahilan kung bakit ang pinagsama-samang mga taludtod na ito ay makapagbibigay ng higit na kaalaman kaysa sa maibibigay ng anuman sa mga taludtod kung nag-iisa lamang ito.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Upang tulungan ang mga miyembro na mailarawan sa isip ang mensahe ni Alma tungkol sa pangangalaga ng salita ng Diyos sa ating mga puso (Alma 32:28–43), bigyan ng buto at isang maliit na lalagyan ng lupa ang bawat miyembro ng pamilya. Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na itanim ang kanilang buto at bigyan ito nang sapat na tubig at sikat ng araw. Sa loob ng ilang susunod na linggo, obserbahan kung paano tumutubo ang mga butong ito.

---

## "Pakinggan ang Aking mga Salita" 29

***Alma 36–39***

- Naglalaman ang Alma 36–39 ng patotoo ni Alma na ipinahayag sa kanyang mga anak na sina Helaman, Shiblon, at Corianton. Bakit mahalaga sa mga anak na marinig na nagpapatotoo ang kanilang mga magulang? Sa anong paraan nakaimpluwensiya ang patotoo ng inyong mga magulang sa inyo?

Pag-aralang muli ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan, na nagpapakita ng kahalagahan ng payo ng mga magulang sa kanilang mga anak:

| | |
|---|---|
| Alma 36–39 | Alma 57:21, 26–27 |
| 2 Nephi 1–3 | Helaman 5:5–14 |
| Enos 1:1–3 | Doktrina at mga Tipan 68:25–28 |
| Mosias 1:1–8 | Doktrina at mga Tipan 93:39–50 |
| Alma 56:47–48 | |

- Paano naapektuhan ang inyong buhay sa pagtatangka ninyong sundin ang payo sa Alma 37:36–37?
- Paano nakaimpluwensiya sa iba ang pagkakasala ni Corianton? (Tingnan sa Alma 39:11, 13.) Bakit mahalaga sa mga miyembro ng Simbahan na magpakita ng magagandang halimbawa? Paano maaaring makaimpluwensiya ang inyong mga ginagawa sa opinyon ng iba sa Simbahan?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Hilingin sa isang miyembro ng pamilya na basahin ang Alma 37:6–7. Pagkatapos ay ipakita ang isang pako, isang turnilyo, o isa pang maliit na bagay na nagkakabit ng mga bagay.

- Sa paanong paraan ito naging isang "maliit at karaniwang" bagay? Paano magagamit ang bagay na ito upang magsagawa ng malalaking bagay? Ano ang maaaring mangyari kung wala sa atin ang bagay na ito?
- Anu-ano ang ilang "maliit at karaniwang mga bagay" na nagbubuklod sa ating pamilya? Anu-ano ang ilang "maliit at karaniwang bagay" na maaari nating gawin bilang pamilya upang ipakita ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa bawat isa?

## “Ang Dakilang Plano ng Kaligayahan” 30

***Alma 40–42***

- Ano ang nangyayari sa ating mga espiritu sa pagitan ng kamatayan at pagkabuhay na mag-uli? (Tingnan sa Alma 40:11–15, 21; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 138.)
- Ano ang mangyayari sa atin kung napanghahawakan lamang tayo ng katarungan? (Tingnan sa Alma 42:14.) Ano ang kinakailangan upang mabigyan ng kasiyahan ang hinihingi ng katarungan nang sa gayon makabalik tayo upang makapanahanan kasama ng Ama sa Langit? (Tingnan sa Alma 42:15.) Paano “natugunan” ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo “ang hinihingi ng katarungan”? (Tingnan sa Mosias 15:7–9.) Ano ang nararapat nating gawin upang matanggap ang kabuuan ng awa ng Diyos? (Tingnan sa Alma 42:13, 23, 27, 29–30; tingnan din sa Alma 41:14; Doktrina at mga Tipan 19:15–18.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Upang tulungan ang mga miyembro ng pamilya na maunawaan ang Alma 42, basahin ang talinghanga ng Tagapamagitan ni Elder Boyd K. Packer, na makikita sa kabanata 12 ng *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893). Maaari ninyong ipabasa sa iba’t ibang miyembro ng pamilya ang salaysay at ang mga bahagi ng may utang, nagpapautang, at ang kaibigan ng may utang.

## “Di Matitinag sa Pananampalataya kay Cristo” 31

***Alma 43–52***

Ang Alma 43–52 ay naglalaman ng ilang ulat tungkol sa digmaan. Matuturuan tayo ng mga ulat na ito kung paano natin haharapin ang mga kaguluhan dito sa mundo at kung paano natin maipagtatanggol ang ating sarili at pamilya laban kay Satanas.

- Pag-isipan ang sumusunod na mga alituntunin na gumabay sa mga ugali at kilos ng mga matwid na Nephita sa panahon ng digmaan. Paano makatutulong ang pag-unawa at pagsasagawa ng mga alituntuning ito ngayon sa paghahatid ng higit na kapayapaan sa mundo? Paano ninyo maipamumuhay ang mga alituntuning ito sa pagharap ninyo sa mga suliranin ninyo sa buhay?

a. Makipaglaban lamang kapag may makatwirang dahilan, tulad ng pagtatanggol sa sarili (Alma 43:8–10, 29–30,45–47; 48:14).

b. Hindi magkaroon ng galit sa inyong kaaway; hangarin ang pinakamakabubuti sa kanila at sa inyo (Alma 43:53–54; 44:1–2, 6).

c. Mamuhay nang matwid at magtiwala sa Diyos (Alma 44:3–4; 48:15, 19–20).

d. Sumunod sa mga matwid at matalinong pinuno (Alma 43:16–19; 48:11–13, 17–19; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 98:10).

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang ulat tungkol sa pagtataas ni Kapitan Moroni ng bandila ng kalayaan (Alma 46:12–20). Pagkatapos ay gumawa bilang pamilya ng sarili ninyong bandila ng kalayaan. Atasan ang mga miyembro ng pamilya na maglista ng ilang mahalagang alituntunin na makapagpapaalala at makapagbibigay-inspirasyon sa kanilang dalhin ang pangalan ni Cristo sa kanilang mga sarili. Pagkatapos ay isulat ang mga alituntuning yaon sa malaking piraso ng papel. Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na mamuhay alinsunod sa mga alituntuning isinulat ninyo sa bandila ng kalayaan ng inyong pamilya.

---

## "Sinunod Nila . . . ang Bawat Salita ng Pag-uutos nang may Kahustuhan" 32

***Alma 53–63***

Habang pinag-aaralan ninyo ang Alma 53 at 56–58, hanapin ang mga alituntuning sinunod ng 2,060 kabataang mandirigma at ang mga katangiang pinaunlad nila sa kanilang kabataan. Pagtuunan ng partikular na pansin kung paano nakatulong ang mga alituntunin at katangiang ito sa mga kabataang mandirigma upang sila ay makatanggap ng lakas mula sa Panginoon. Alamin kung paano ninyo maipamumuhay ang mga alituntuning ito.

- Kanino natuto ang mga mandirigmang Ammonita ng gayong kalakas na pananampalataya at tapang? (Tingnan sa Alma 56:47–48; tingnan din sa Alma 53:21; 57:21.) Bakit mahalagang malaman ng mga anak ang lakas at katiyakan ng mga patotoo ng kanilang mga magulang?

Pag-aralan ang mga sumusunod na banal na kasulatan tungkol sa pagiging ina:

| | |
|---|---|
| Alma 56:47–48 | 1 Samuel 1:27–28 |
| Genesis 24:60 | Mga Kawikaan 1:8 |
| Exodo 20:12 | Moises 4:26 |

- Hiniling ng mga kabataang Ammonita kay propetang Helaman na siya ang kanilang maging pinuno (Alma 53:19; 56:1, 5). Paano sila tumugon sa mga utos na tinatanggap nila? (Tingnan sa Alma 57:21.) Ano ang ilang tiyak na bagay na kailangan ninyong gawin upang "may kahustuhan" na sundin ang propeta?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Isalaysay ang kuwento tungkol sa 2,060 kabataang mandirigma ni Helaman (Alma 53; 56–58). Pagkatapos ay ipabasa sa mga miyembro ng pamilya ang ilan o ang lahat ng taludtod na nakasulat sa ibaba. Pag-usapan kung paano maipamumuhay ng mga miyembro ng pamilya ang mga alituntuning itinuro sa mga taludtod na ito.

| | |
|---|---|
| Alma 53:20–21 | Alma 57:25–27 |
| Alma 56:45–48 | Alma 58:6–11 |
| Alma 57:21 | Alma 58:39–40 |

Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari ninyong sama-samang awitin ang "Saligang Kay Tibay" *(Mga Himno)*.

## “Tunay na Saligan” 33

### *Helaman 1–5*

Inilalarawan ng Helaman 1–4 ang mga yugto ng kapayapaan at mga yugto ng kaguluhan sa kalipunan ng mga Nephita at Lamanita. Ang Helaman 5 ay naglalaman ng ulat ng mahimalang gawaing misyonero sa kalipunan ng mga Lamanita at tumiwalag na mga Nephita. Humanap ng magkatugmang mga pangyayari sa ating panahon habang pinag-aaralan ninyo ang mga ulat na ito.

- Paano tumugon ang mga mapagpakumbabang tagasunod ni Cristo sa mga pag-uusig? (Tingnan sa Helaman 3:33–35.) Paano makatutulong ang kanilang halimbawa sa inyo?
- Basahin ang Helaman 5:12. Ano ang ibig sabihin ng pagtatayo sa bato ni Cristo? (Tingnan din sa 3 Nephi 14:24–27.)
- Sa Aklat ni Mormon may mahigit sa 240 beses inulit ang salitang *pakatandaan* o anyo ng salitang ito (tulad ng *tandaan*, *alalahanin*, o *huwag kalimutan*). Hanapin ang 15 pagkakataon na lumabas ito sa Helaman 5. Habang ginagawa ninyo ito, isipin ninyo kung bakit mahalaga ang salitang *tandaan* sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon.

Maaari ninyong gamitin ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* upang hanapin ang iba pang taludtod na may salitang tandaan o iba pang anyo ng salitang ito.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin nang malakas ang Helaman 5:12. Pagkatapos ay talakayin ang mga paraan kung paano makapagbubuo ang inyong pamilya ng saligan sa bato ni Jesucristo.

Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari ninyong sama-samang awitin ang “Saligang Kay Tibay” (*Mga Himno*).

## “Paanong Nakalimutan Ninyo ang Inyong Diyos?” 34


### *Helaman 6–12*

Ang ulat sa Helaman 6–12 ay nagpapakita kung paano naaapektuhan ang mga tao ng kasalanan ng kapalaluan. Habang pinag-aaralan ninyo ang ulat na ito, hanapin ang pag-ikot ng mga pangyayari na inilalarawan sa ibaba sa mungkahi para sa talakayan ng pamilya.

- Basahin ang Helaman 12:7. Ano ang batayan ni Mormon sa pagsasabing iyon? (Tingnan sa Helaman 12:1–6, 8.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Iguhit ang sumusunod na larawan sa isang pirasong papel.




Ipaliwanag na ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng ilang halimbawa ng mga taong nakaranas ng ganitong pag-ikot ng mga pangyayari.

- Paano makawawala ang mga tao sa pag-ikot ng mga pangyayaring ito? (Ipabasa sa mga miyembro ng pamilya ang Alma 62:48–51; Helaman 12:23–24.)

Sa isang pirasong papel, gumuhit ng mga linya sa *Kapalaluan at Kasamaan* at *Pagkawasak at Pagdurusa.* Ipaliwanag na tayo ay maaaring matuto mula sa mga pagkakamali ng mga Nephita. Maaari nating laging alalahanin ang Panginoon sa pagpapakumbaba at pasasalamat, kahit na sa panahong maunlad tayo.

## "Magsisi at Magbalik sa Panginoon" 35

***Helaman 13–16***

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Ang talaan ng kasaysayan ng mga Nephita noong bago pa lamang dumalaw ang Tagapagligtas ay naghahayag ng maraming pagkakatulad sa ating sariling panahon sa paghihintay natin sa ikalawang pagparito ng Tagapagligtas" (sa Conference Report, Abr. 1987, 3; o *Ensign*, Mayo 1987, 4).

Ang sumusunod na tsart ay nagpapakita na ang Helaman 13–16 ay naglalaman ng mga propesiya at mga pangyayari na nakakatulad ng mga propesiya at mga pangyayaring magaganap bago ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

| Mga Propesiya at mga Pangyayaring Nakatala sa Helaman 13–16 | Propesiya o Pangyayari | Mga Palatandaan at mga Pangyayaring Magaganap Bago ang Ikalawang Pagparito |
|---|---|---|
| Helaman 16:1, 3, 6, 10 | Matatag na maliit na bahagi ng matwid | 1 Nephi 14:12; Jacob 5:70 |
| Helaman 16:13–14 | Mga espirituwal na pagbuhos at mga himala | Joel 2:28–30; Doktrina at mga Tipan 45:39–42 |
| Helaman 13:22; 16:12, 22–23 | Matinding kasamaan | 2 Timoteo 3:1–5; Doktrina at mga Tipan 45:27 |
| Helaman 13:2, 6, 8, 10–11; 14:9, 11; 15:1–3, 17; 16:2 | Pagtataboy sa mga propeta ng Panginoon at ang kanilang panawagan sa pagsisisi | Doktrina at mga Tipan 1:14–16 |
| Helaman 14:3–4 | Propesiya tungkol sa isang gabing walang kadiliman | Zakarias 14:7; tingnan din sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 287 |
| Helaman 14:5–6, 20 | Mga propesiya ng mga palatandaan at mga kababalaghan sa kalangitan | Joel 2:30–31; Doktrina at mga Tipan 45:40 |
| Helaman 16:13–18 | Pagkakaila sa mga palatandaan, kababalaghan, at pagparito ni Cristo | 2 Pedro 3:3–4; Doktrina at mga Tipan 45:26 |

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Pag-aralan ang ilan o ang buong tsart na ito bilang pamilya. Hilingin sa bawat miyembro ng pamilya na magbahagi ng isang paraan kung paano makatutulong ang impormasyon sa tsart sa mga tao na maghanda para sa Ikalawang Pagparito.

## “Kinabukasan, Paparito Ako sa Daigdig” 36

***3 Nephi 1–7***

- Habang naghihintay sa katuparan ng mga propesiya ni Samuel, “ang mga taong naniniwala ay nagsimulang malungkot nang labis” (3 Nephi 1:7). Anu-ano ang ilan sa mga dahilan ng kanilang kalungkutan? (Tingnan sa 3 Nephi 1:5–9.) Sa kabila ng mga hamong ito sa kanilang pananampalataya, ano ang ginawa ng mga naniniwala? (Tingnan sa 3 Nephi 1:8.) Ano ang inyong gagawin upang manatiling matatag kapag hinahamon ang pananampalataya ninyo?
- Basahin ang 3 Nephi 3:12–26, kung alin ang mga Nephita ay naghahanda para sa paglusob ng mga tulisan ni Gadianton. Ano ang matututuhan ninyo sa mga ginawa ng mga Nephita sa oras ng panganib na yaon na makatutulong na mapangalagaan kayo sa panahon ng tukso at takot?
- Anu-ano ang mga biyayang maaaring matamasa ng mga tao kung nanatili silang matapat? (Tingnan sa 3 Nephi 10:18–19.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang 3 Nephi 5:13 bilang pamilya. Ipaliwanag na ang talatang ito ay naglalaman ng mga salita ng propetang si Mormon. Pagkatapos ay tanungin ang mga sumusunod:

- Ano ang ibig sabihin ng maging “disipulo ni Jesucristo”? (Ang sundin si Jesucristo .) Anu-ano ang ilang bagay na maaari nating gawin nang isa-isa at bilang pamilya para sundin ang Tagapaglistas?

## “Kung Sinuman ang Lalapit, Siya ay Aking Tatanggapin” 37

***3 Nephi 8–11***

Ipinpropesiya ng propetang si Samuel ang mga tanda ng Pagkakapako sa Krus ng Tagapagligtas. Basahin ang kanyang mga propesiya sa Helaman 14:20–27. Pagkatapos ay pag-aralan ang 3 Nephi 8–9 upang malaman ang kaganapan ng mga propesiyang ito.

- Anong paanyaya ang ipinaabot ni Jesus sa mga nakaligtas sa pagkawasak? (Tingnan sa 3 Nephi 9:13–14. Bigyang-pansin na ang salitang lalapit ay tatlong beses na lumabas sa talata 14.) Ano ang maaari ninyong gawin upang tanggapin ang paanyayang ito?
- Ang maraming tao ay “isa-isang” nagsilapit sa Tagapagligtas (3 Nephi 11:15; tingnan din sa 3 Nephi 17:25, na nagsasabi na may 2,500 mga tao ang naroon). Ano ang natututuhan ninyo sa halimbawang ito ng pagmamahal ng Tagapagligtas?
- Itinuro ni Jesus na kailangan na “huwag magkakaroon ng pagtatalu-talo” sa mga tao (3 Nephi 11:22, 28). Bakit mapanganib ang pagtatalu-talo hinggil sa mga doktrina ng ebanghelyo? (Tingnan sa 3 Nephi 11:29; Doktrina at mga Tipan 10:62–63.) Paano tayo mapag-iisa sa totoong doktrina?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang 3 Nephi 11:1–17 bilang pamilya. Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung ano ang maaari nilang maramdaman sakali mang isa sila sa mga Nephitang naroon nang magpakita ang nabuhay na Tagapagligtas.

## "Ang mga Lumang Bagay ay Lumipas na, at Lahat ng Bagay ay Naging Bago" 38

***3 Nephi 12–15***

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga turo ng Tagapagligtas sa 3 Nephi 12–15, hanapin ang mga turong kailangang-kailangan ninyo.

Sinabi ni Jesus sa mga Nephita, "Ibinibigay ko sa inyo na maging asin ng lupa" (3 Nephi 12:13). Upang magtamo ng higit na pang-unawa sa pahayag na ito, basahin ang mga sumusunod na taludtod. Maaari ninyong markahan ang mga ito sa inyong mga banal na kasulatan.

| | |
|---|---|
| Levitico 2:13 | Doktrina at mga Tipan 101:39–40 |
| Mateo 5:13 | Doktrina at mga Tipan 103:9–10 |

- Basahin ang 3 Nephi 12:48. Bakit kailangan natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo upang maging ganap? (Tingnan sa 2 Nephi 2:7–9; 3 Nephi 19:28–29; Moroni 10:32–33.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Bigyan ang mga miyembro ng pamilya ng pagkain na karaniwang may asin bilang bahagi ng resipe. Hainan ang bawat miyembro ng pamilya ng isang plato na may asin at isang plato na walang asin. Malalaman nila kung gaano pinalilitaw ng asin ang likas na lasa ng pagkain.

Sa isang madilim na silid, magsindi ng flashlight o kandila.

Pagkatapos ng demonstrasyong ito, talakayin kung ano ang ibig sabihin ng maging "asin ng lupa" at "ilaw ng mga tao" (3 Nephi 12:13–14).

## "Masdan, Ang Aking Kagalakan ay Lubos" 39

***3 Nephi 17–19***

Habang pinag-aaralan ninyo ang 3 Nephi 17–19, hanapin ang mga talatang nagpapakita ng pag-ibig ni Jesus. Maaari ninyong isulat ang inyong mga damdamin sa talaarawan ninyo.

- Bakit "nagtagal pa nang kaunti" si Jesus sa mga tao? (Tingnan sa 3 Nephi 17:5–6.) Paano ipinakita nito ang Kanyang pagmamahal para sa mga tao? Paano ninyo naramdaman ang pagmamahal at pagmamalasakit ni Jesus sa inyo?
- Pinasimulan ni Jesus ang sakramento sa mga Nephita. Ano ang natututuhan ninyo tungkol sa mga ordenansa ng sakramento sa 3 Nephi 18:1–11? Ano ang maaari

ninyong gawin upang ihanda ang inyong sarili sa pagtanggap ng sakramento tuwing linggo?

- Itinuro ni Jesus, "Manalangin kayo sa inyong pamilya sa Ama" (3 Nephi 18:21). Paano nakaiimpluwensiya sa inyong pamilya ang panalanging pangpamilya? Paano mapasisidhi ng mga pamilya ang pangako na magkaroon ng panalanging pangpamilya araw-araw?

Sa pamamagitan ng malakas na pagbabasa ng mga banal na kasulatan, makatatamo kayo ng mga kaalaman sa mga doktrina at pangyayari na maaaring hindi ninyo matamo kapag nagbabasa kayo nang tahimik. Basahin nang malakas ang 3 Nephi 17. Habang nagbabasa kayo, maging maalam sa impluwensiya ng Espiritu. Maaari ninyong markahan ang mga taludtod na lubhang makahulugan sa inyo.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Sa dalawang araw Niyang pamamalagi sa mga Nephita, nagministeryo ang Tagapagligtas sa mga bata. Bilang pamilya, basahin ang 3 Nephi 17:11–24 at 26:14–16. Pagkatapos ay magsalita tungkol sa pag-ibig ni Jesus sa maliliit na bata.

---

## "At Pagkatapos Sila ay Titipunin Ko" 40

***3 Nephi 16; 20–21***

Naglalaman ang 3 Nephi 16, 20 at 21 ng bahagi ng turo ni Jesucristo sa mga panahong inilagi Niya sa kanila pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na mag-uli. Sa mga kabanatang ito, itinuro at ipinropesiya ng Panginoon ang Pagpapanumbalik ng ebanghelyo at ang pagtitipon ng sambahayan ng Israel sa mga huling araw.

- Bakit ikinalat ang Israel? (Tingnan sa 3 Nephi 16:4.) Ano ang pagtitipon ng Israel? (Tingnan sa 3 Nephi 16:4, 12; 20:10–13.)
- Anu-ano ang ilang papel na ginagampanan ng Aklat ni Mormon sa pagtitipon ng Israel? (Para sa ilang halimbawa, ihambing ang 3 Nephi 16:4, 12 at 20:10–13 sa 1 Nephi 6:3–4 at ang pamagat na pahina ng Aklat ni Mormon. Bilang isang miyembro ng Simbahan, anu-ano ang mga responsibilidad ninyo sa pagtitipon ng Israel?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Magkalat ng mga bagay sa silid. Pagkatapos ay atasan ang mga miyembro ng pamilya na tipunin ang mga iyon. Maaari ninyong ipaliwanag na ang *tipunin* ay nangangahulugan ng *pagsama-samahin*.

Matapos matipon ng mga miyembro ng pamilya ang mga bagay, basahin ang 3 Nephi 20:12–13. Ipaliwanag na tinitipon ng Ama sa Langit ang Kanyang mga tao sa buong mundo sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa "kaalaman ng Panginoon nilang Diyos na siyang tumubos sa kanila." Talakayin ang magagawa ninyo nang isa-isa at bilang pamilya upang tulungan ang Ama sa Langit na tipunin ang Kanyang mga tao.

## “Kanyang Ipinaliwanag ang Lahat ng Bagay sa Kanila” 41

***3 Nephi 22–26***

- Makaraang banggitin ang mga propesiya ni Isaias, inutusan ni Jesus ang mga tao na “masigasig na saliksikin ang mga bagay na ito” (3 Nephi 23:1). Ano ang kahulugan ng saliksikin ang mga banal na kasulatan sa halip na basahin lamang ang mga ito?
- Sa kanyang tala, isinama lamang ni Mormon ang “maliit na bahagi” ng itinuro ni Jesus sa mga tao (3 Nephi 26:28). Paano natin matatanggap ang “mga bagay na higit na dakila”? (Tingnan sa 3 Nephi 26:9).
- Basahin ang 3 Nephi 26:19–21. Paano natin matutularan ang kanilang halimbawa sa ating buhay mag-asawa, pamilya, purok at istaka?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipaliwanag na noong si Jesus ay kasama ng mga Nephita, ibinahagi Niya ang propesiya ni Malakias tungkol sa misyon ni Elias (3 Nephi 25:1–6). Napakahalaga ng turong ito kung kaya’t matatagpuan ito sa lahat ng apat na pamantayan ng mga banal na kasulatan ng Simbahan.

Bilang pamilya, basahin ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan: Malakias 4:1–6; Lucas 1:17; 3 Nephi 25:1–6; Doktrina at mga Tipan 2:1–3; at Joseph Smith—Kasaysayan 1:37–39. Maaari rin ninyong imungkahi sa mga miyembro ng pamilya na markahan ang mga taludtod na ito sa kanilang mga banal na kasulatan.

Talakayin kung paano nauugnay ang mga taludtod na ito sa gawain sa kasaysayan ng pamilya at gawain sa templo. Sama-samang gumawa ng plano na kilalanin at magsumite ng mga pangalan ng mga namatay na ninuno para sa mga ordenansa sa templo. Kung pahihintulutan ng mga pagkakataon, gumawa ng planong sama-samang maglingkod sa templo.

## “Ito ang Aking Ebanghelyo” 42

***3 Nephi 27–30; 4 Nephi***

- Tinanong ng labindalawang disipulong Nephita si Jesus kung ano ang itatawag sa Kanyang Simbahan (Tingnan sa 3 Nephi 27:3). Ano ang naging tugon Niya sa kanilang tanong? (Tingnan sa 3 Nephi 27:4–9.) Iniutos ng Panginoon na ang Kanyang ipinanumbalik na Simbahan, tulad sa Kanyang Simbahan sa kalipunan ng mga Nephita, ay dapat isunod sa Kanyang pangalan (Doktrina at mga Tipan 115:4). Bakit mahalaga sa ating tandaan na ang Simbahan ay ipinangalan kay Jesucristo?
- Pag-aralan ang 3 Nephi 27:13–21, na hinahanap ang iba’t ibang aspeto ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ano ang ipinangako ng Tagapagligtas sa mga namumuhay ayon sa Kanyang ebanghelyo? (Tingnan sa 3 Nephi 27:21–22.)

- Bilang tugon sa kanilang kahilingan, ang tatlong disipulong Nephita ay nagbagong anyo, na ang kahulugan ay pansamantalang nabago ang kanilang mga katawan upang "kanilang nagawang mamasdan ang mga bagay ng Diyos" (3 Nephi 28:13–15). Pagkatapos ay nabago ang kanilang kalagayan. Ano ang itinuturo ng ulat sa 3 Nephi 28 tungkol sa mga nilalang na nabago ang kalagayan?
- Pagkaraan ng maraming taon na pagdalaw ni Jesus sa mga Nephita, walang "ni anumang uri ng mga 'ita' " (4 Nephi 1:17). Ano ang ibig sabihin nito? (Tingnan sa 4 Nephi 1:2–3, 15–17.) Anu-anong mga suliranin ang umiiral ngayon dahil sa pagkakaiba-iba ng mga pangkat ng mga tao? Sa anong paraan tayo matutulungan ng ebanghelyo upang magkaisa sa kabila ng ating mga pagkakaiba?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang aklat ng 4 Nephi nang sabay-sabay. Habang binabasa ninyo ang mga talatang 1–19, gumawa ng listahan ng mga gawi at kilos na humahantong sa kapayapaan at kaligayahan. Habang binabasa ninyo ang mga talatang 20–46, ilista ang mga gawi at kilos na humahantong sa pagtatalo at pagkawasak.

Paghambingin ang mga listahang ginawa ninyo. Pag-usapan kung ano ang magagawa ninyo bilang pamilya upang lalong maging katulad ng mga taong inilalarawan sa 4 Nephi 1:1–19.

---

## "Paanong Kayo Napalihis sa mga Landas ng Panginoon?" 43

***Mormon 1–6; Moroni 9***

- Noong si Mormon ay 15 taong gulang, siya ay "dinalaw ng Panginoon, at nakatikim at nakaalam ng kabutihan ni Jesus" (Mormon 1:15). Paano natin malalaman ang kabutihan ni Jesus?
- Anu-anong mga kalagayan ang umiiral sa lipunan ng mga Nephita noong panahong nabubuhay si Mormon? (Tingnan sa Mormon 1:19; 2:1, 8, 10, 18.) Maging tayo, tulad ni Mormon, ay nabubuhay sa panahon ng labis na kasamaan, ano ang magagawa natin upang mapanatili ang ating pananampalataya at pansariling kabutihan?
- Nang talunin ng kanyang mga tao ang mga Lamanita sa digmaan, sinabi ni Mormon na "hindi nila naunawaan na ang Panginoon ang siyang nagligtas sa kanila" (Mormon 3:3). Bakit mahalagang kilalanin natin na ang mga pagpapalang tinatanggap natin ay mula sa Panginoon? (Tingnan sa Mormon 3:9.)
- Basahin ang Mormon 5:17–18. Sa anong paraan "walang layag o angkla" ang mga taong hindi sumusunod sa Tagapagligtas"? Paano parang isang layag o isang angkla ang ebanghelyo para sa inyo?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Mormon 1:13–14 at 2:18 bilang pamilya. Pagkatapos ay basahin

ang Mormon 1:15 at 2:19. Bigyang-diin na kahit tayo ay napapalibutan ng kasamaan, malalaman natin ang kabutihan ng Panginoon. Kung tayo, gaya ni Mormon, ay magsusumikap na tularan ang Panginoon at manatiling tapat sa ating mga patotoo sa ebanghelyo, makakakita tayo ng pag-asa sa kaalamang tayo ay "dadakilain sa huling araw" (Mormon 2:19).

## "Ako ay Nangungusap sa Inyo na Parang Kayo ay Narito" 44

***Mormon 7–9***

Habang pinag-aaralan ninyo ang Mormon 7–9, pakatandaan na ang turo sa mga kabanatang ito ay patungkol sa mga taong nabubuhay sa mga huling araw.

- Ano ang mga ipinropesiya ni Moroni tungkol sa mga kalagayan sa mundo pagdating ng Aklat ni Mormon? (Tingnan sa Mormon 8:26–33.) Bakit napakalinaw na nakapagpropesiya ni Mormon hinggil sa mga huling araw? (Tingnan sa Mormon 8:34–35.)
- Ano ang sinabi ni Moroni tungkol sa kapalaluan sa mga huling araw? (Tingnan sa Mormon 8:35–41.)

Sinabi ni Moroni na ang ilang tao sa mga huling araw ay maniniwala na ang Panginoon ay "hindi Diyos ng mga himala" (Mormon 9:10). Kung may magsasabi sa inyo na ang Panginoon ay hindi Diyos ng mga himala, paano kayo tutugon? Anu-anong karanasan ang naaangkop ninyong ibahagi upang magpatotoo na ang Panginoon ang Diyos ng mga himala?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Mormon 8:34–35 bilang pamilya. Pagkatapos ay hilingin sa bawat miyembro na sumulat ng liham para sa mga magiging miyembro ng pamilya (tulad ng mga anak, apo, at pamangkin). Sumulat na "para bang naroon na sila [yaong mga miyembro ng pamilya]." Imungkahi na ang mga liham ay kinabibilangan ng payo na makatutulong sa mga magiging miyembro ng pamilya na ipamuhay ang ebanghelyo sa kabila ng mga hamong kanilang haharapin. Maaari rin ninyong imungkahi na itago ang mga liham sa mga ligtas na lugar, tulad ng mga talaarawan, nang sa gayo'y mabasa nila ito anumang oras sa hinaharap.

## "Kailanma'y Hindi Pa Naniwala ang Tao sa Akin na Tulad Mo" 45

***Eter 1–6***

- Nang tanungin ng kapatid na lalaki ni Jared ang Panginoon kung paano iilawan ang mga gabara, ano ang sagot ng Panginoon? (Tingnan sa Eter 2:23–25.) Bakit mahalaga na gawin natin ang lahat ng ating makakaya bilang karagdagan sa paghingi ng tulong sa Panginoon?

- Bago Niya ipakita ang Kanyang Sarili sa kapatid na lalaki ni Jared, ano ang itinanong ng Panginoon? (Tingnan sa Eter 3:11.) Paano ipinakita ng sagot ng kapatid na lalaki ni Jared kung gaano katindi ang kanyang pananampalataya? (Tingnan sa Eter 3:12.) Ano ang maaaring gawin upang sundin ang kanyang halimbawa?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Eter 6:1–12 nang sabay-sabay. Gamitin ang mga sumusunod na tanong para tulungan ang miyembro ng pamilya na makita ang pagkakatulad ng paglalakbay ng mga Jaredita sa lupang pangako at ang paglalakbay natin sa buhay.

- Pinapangyari ng Panginoon "na ang mga bato ay kuminang sa kadiliman" (Eter 6:3). Anu-anong mga "ilaw" ang ibinigay sa atin ng Panginoon?
- Ano ang ginawa ng mga Jaredita pagkatapos nilang maihanda ang lahat-lahat para sa kanilang paglalakbay? (Tingnan a Eter 6:4.) Paano ninyo maipakikita ang ganitong uri ng pagtitiwala sa Panginoon?
- Habang itinataboy sila ng hangin, ano ang ginawa ng mga Jaredita sa buong araw at magdamag? (Tingnan sa Eter 6:8–9.) Anu-ano ang ilang paraan na maaari tayong magpuri sa Panginoon?
- Ano ang ginawa ng mga Jaredita pagkarating nila sa lupang pangako? (Tingnan sa Eter 6:12.) Sa paanong paraan ito maaaring makatulad ng pagbabalik natin sa ating Ama sa Langit?

## "Sa Pamamagitan ng Pananampalataya ang Lahat ng Bagay ay Naisasakatuparan" 46

***Eter 7–15***

- Paano inilarawan ni Eter ang mga naniniwala sa Diyos? (Tingnan sa Eter 12:4.) Paano nagiging isang angkla ang panampalataya at pag-asa para sa inyo? Ano ang ilang halimbawa kung paano humahantong ang pananampalataya sa mabubuting gawa na nagluluwalhati sa Diyos?
- Paano ipinaliwanag ni Moroni kung ano ang pananampalataya? (Tingnan sa Eter 12:6.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "wala [tayong] matatanggap na patunay hangga't hindi natatapos ang pagsubok sa [ating] pananampalataya"? Sa paanong paraan pinalakas at pinagtibay ng mga pagsubok ang inyong pananampalataya?
- Itinuro ng Panginoon na kung tayo ay magpapakumbaba at manampalataya sa Kanya, "gagawin Niya ang mahihinang bagay na maging malalakas sa [atin]" (Eter 12:27). Paano natupad ang pangakong ito sa mga banal na kasulatan, sa inyong buhay, at sa buhay ng iba?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Habang naghahanda si Hyrum Smith sa pagpunta sa Piitan ng Carthage, kung saan siya at ang Propetang Joseph Smith ay pinaslang, binasa niya

ang Eter 12:36–38 at tinupi ang pahinang ito (Doktrina at mga Tipan 135:4–5). Ipabasa sa mga miyembro ng pamilya ang mga talatang ito.

- Ano ang maibibigay na pag-aliw ng mga talatang ito? Anu-anong mga talata sa mga banal na kasulatan ang nakapagpalakas o umaliw sa inyo?

---

## "Upang Mapanatili Sila sa Tamang Daan" 47

***Moroni 1–6***

- Bakit mahalaga ang mga kabanata 2–5 sa aklat ni Moroni sa ating panahon? Paano nakapagpapalakas sa inyo ang makita na ang gayon ding ordenansa ay naroroon din sa iba't ibang dispensasyon ng Simbahan ng Panginoon?
- Ano ang mga tipan na ginagawa natin sa pamamagitan ng sakramento? (Tingnan sa Moroni 4:3; 5:2.) Ano naman ang ipinangako sa atin? Ano ang nararamdaman ninyo kapag tumatanggap kayo ng sakramento nang may pamimitagan at pagkamarapat?
- Pagkatapos mabinyagan ang mga tao at tinanggap na ang kaloob na Espiritu Santo, "sila ay napabilang sa mga tao ng simbahan ni Cristo; at ang kanilang mga pangalan ay kinuha" (Moroni 6:4). Bakit itinala ang mga pangalan nila? (Tingnan sa Moroni 6:4.) Sa anu-anong paraan kayo makapagbabahagi sa mga pagsisikap ng Simbahan na tiyakin na ang mga matagal na at bagong miyembro ay "naalaala at napangangalagaan ng mabuting salita ng Diyos"?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Kung ang mga miyembro ng pamilya ay bagong nagbalik-loob, talakayin kung ano ang nararamdaman sa pagsapi sa Simbahan. Hayaang magsalita ang mga miyembro ng pamilya ng mga bagay na gusto nila tungkol sa pagsapi sa Simbahan at tungkol sa mga hamong kinakaharap nila nang sila ay sumapi sa Simbahan. Kung ang miyembro ng pamilya ay matagal nang miyembro ng Simbahan, hilingan silang magsalita kung ano ang mararamdaman nila kung sakaling nagpunta sila sa Simbahan sa unang pagkakataon.

Ipabasa sa isang miyembro ng pamilya ang payo mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Sa dumaraming bilang ng mga nagbalik-loob, dapat nating dagdagan ang ating pagsisikap na matulungan silang makita ang kanilang mga daan. Bawat isa sa kanila ay nangangailangan ng tatlong bagay: kaibigan, responsibilidad, at pangangalaga sa pamamagitan ng 'mabuting salita ng Diyos' (Moroni 6:4)" (sa Conference Report, Abr. 1997, 66; o *Ensign*, Mayo 1997, 47).

- Ano ang magagawa natin upang masunod ang payong ito?

## “Lumapit kay Cristo” 48

### *Moroni 7–8, 10*

Ang Moroni 7-8 ay naglalaman ng mga turo ng ama ni Moroni, na si Mormon. Ang Moroni 10 ay naglalaman ng huling isinulat na patotoo ni Moroni.

- Tinukoy ni Mormon ang mga miyembro ng Simbahan bilang “mga mapayapang tagasunod ni Cristo” (Moroni 7:3). Ano ang naging batayan ni Mormon sa pagsasabi nito? Tingnan sa Moroni 7:4–5.) Paano tayo magiging “mga mapayapang tagasunod ni Cristo”?

Winakasan ni Moroni ang kanyang tala “ng ilang pangungusap sa paraan ng pagpapayo” (Moroni 10:2). Ang kahulugan ng salitang pagpapayo ay manghimok nang lubos. Habang pinag-aaralan ninyo ang Moroni 10, maaari ninyong markahan ang salitang payo sa tuwinang lumalabas ito. Isiping mabuti kung ano ang kahulugan at kahalagahan ng payo ni Moroni sa kabanatang ito.

- Ano ang itinuro ni Moroni tungkol sa mga espirituwal na kaloob? (Tingnan sa Moroni 10:8–19.)

- Paano nailalarawan ng payo ni Moroni na “lumapit kay Cristo” ang buong mensahe ng Aklat ni Mormon? (Moroni 10:30, 32). Sa anong tiyak na paraan nakatulong ang pag-aaral ngayong taon ng Aklat ni Mormon upang mapalapit kayo kay Cristo?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ibahagi ng inyong patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon, at anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na gawin din ang gayon. Pagkatapos ay basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson:

“Ang Aklat ni Mormon ay pinag-aaralan sa ating Panlinggong Paaralan tuwing ikaapat na taon. Ang iskedyul na ito tuwing apat na taon ay hindi dapat sundin ng mga miyembro ng Simbahan sa kanilang personal at pampamilyang pag-aaral. Kailangan nating magbasa araw-araw mula sa mga pahina ng aklat na maglalapit sa tao ‘sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat’ (*History of the Church*, 4:461)” (sa Conference Report, Okt. 1988, 3; o *Ensign*, Nob. 1988, 4).

Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na patuloy na pag-aralan ang Aklat ni Mormon at ibahagi ito sa iba.

ANG SIMBAHAN NI

JESUCRISTO

NG MGA BANAL

SA MGA HULING ARAW

4 02356 84893 8
35684 893